

5 WELFARE

(1) Pampublikong Pensyon

Kailangang sumapi sa Pambansang pensyon ang mga taong mula 20 taong gulang hanggang wala pang 60 taong gulang na may address sa loob ng bansang Hapon, kasama ang mga dayuhan. (Tinanggal ang kondisyon sa nasyonalidad noong Enero 1, 1982)

Kailangang sumapi sa Seguro ng welfare pension ang mga taong nagtatrabaho sa kumpanya, pagawaan o ahensya ng pamahalaan ng Japan.

■ Palakad sa Pagsapi

Isinasagawa sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan ang para sa Pambansang Pensyon.

Isinasagawa sa kumpanyang pinagtatrabahuhan ang Seguro ng welfare pension. Hindi kailangan ang palakas sa pagsapi sa Pambansang pensyon.

Kapag ginawa ang palakad sa pagsapi, ipagkakaloob ang libreto ng pensyon, kaya't maingat na paghawakan ito.

■ Bayad para sa Seguro

Babayaran ng taong sumapi sa sistema ng pensyon ang bayad para sa seguro buwan-buwan.

Babayaran ng taong sumapi sa Pambansang pensyon ang bayad para sa seguro ayon sa sumusunod na paraan.

Account transfer (<i>kōza furikae</i>)	Awtomatikong kukunin ang bayad para sa seguro mula sa savings account
Pagbabayad ng salapi (bill (<i>nōfusho</i>))	Babayaran sa institusyong pinansyal, post office, convenience store ang bill (<i>nōfusho</i>) na ipinadala ng Japan Pension Service
Pagbabayad sa credit card	Regular na babayaran sa pamamagitan ng credit card
Elektronikong pagbabayad	Babayaran sa pamamagitan ng net banking o iba pa

Para sa taong nagtatrabaho sa kumpanya o iba pa, buwan-buwan, ibabawas mula sa suweldo ang bayad para sa seguro.

■ Pagpapalibre / Pagpapaliban ng Pagbabayad ng Bayad para sa Seguro

Kung nahihirapang magbayad ng bayad para sa seguro ang taong sumapi sa Pambansang pensyon dahil sa pinansyal na kalagayan, mangyaring mag-submit ng “Application para sa Pagpapalibre/Pagpapaliban ng Pagbabayad ng Bayad para sa Seguro” sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan. Kung kilalaning mahirap ang pagbabayad, ipapagpalibre o ipapagpaliban ang pagbabayad ng bayad para sa seguro.

At kung estudyante, mayroon ding “Sistema ng Bukod-tanging Paglalaan sa Pagbabayad ng Estudyante” kung saan ipapagpaliban ang pagbabayad ng bayad para sa seguro.

■ Benepisyo

Kung tumanda, nagkaroon ng kapansanan o pumanaw ang taong kasapi (taong nakaseguro), at kung sumasailalim sa takdang kondisyon ng pagtanggap, maaaring tumanggap ng pensyon para sa katandaan, sa kapansanan o sa naulilang pamilya.

At may sistema ng pagbibigay ng kabuuang halaga sa pag-alis para sa mga dayuhang naninirahan nang maikasing panahon. Kapag nawalan ng karapatang sumapi ang dayuhang 6 buwan o higit pa ang panahon ng natapos na pagbabayad o panahon ng pagsapi sa Seguro ng welfare pension, at walang karapatang tumanggap ng benepisyo ng pensyon para sa katandaan, ibibigay ang kabuuang halaga sa pag-alis kapag siningil ito sa loob ng 2 taon mula sa araw na nawalan ng address sa loob ng bansang Hapon dahil sa pag-uwi sa sariling bansa o iba pa.

Mangyaring magtanong sa namamahaling tanggapan tungkol sa palakad sa pagsapi, pagbabayad ng bayad para sa seguro, pagsingil para matanggap ang pensyon, iba't ibang pag-uulat na kailangan, o iba pang konsultasyon kaugnay sa pensyon.

◆ Homepage ng Japan Pension Service Pahinang tumutugon sa dayuhang wika
<http://www.nenkin.go.jp/international/index.html>

◇◇ Buod ng Sistema ◇◇

① Pambansang Pensyon

■ Uri ng Kasapi at Paraan ng Pagbabayad ng Bayad para sa Seguro

Taong nakaseguro sa Kategoriya 1	<ul style="list-style-type: none"> • Taong mula 20 taong gulang hanggang wala pang 60 taong gulang nakatira sa loob ng bansa na may sariling negosyo, nagsasaka, nangangahoy, nangingisda o iba pa, at kanyang asawa (liban sa taong nakaseguro sa Kategoriya 2, Kategoriya 3) • Estudyanteng 20 taong gulang pataas <p>Magbabayad sa pamamagitan ng bill (<i>nōfusho</i>), account transfer (<i>kōza furikae</i>) o iba pa</p>
Taong nakaseguro sa Kategoriya 2	<ul style="list-style-type: none"> • Empleyado ng kumpanya o kawani ng pamahalaan (Taong kasapi sa Welfare pension) <p>Ibabawas mula sa suweldo, at ang kumpanya o iba pa ang magbabayad</p>
Taong nakaseguro sa Kategoriya 3	<ul style="list-style-type: none"> • Asawang dependiyente ng empleyado ng kumpanya o kawani ng pamahalaan <p>Hindi kailangang magbayad ang indibidwal dahil sagot ng sistema ng pensyon ng empleyado ng kumpanya o kawani ng pamahalaan.</p>

■ Bayad para sa Seguro

Takdang halaga ng bayad para sa seguro	Buwanang halaga 16,540 yen (may sistema ng diskuwento para sa antimanong pagbabayad) *Halaga ng bayad para sa seguro ng taong piskal 2020 (Reiwa 2)
Karagdagang bayad para sa seguro	Buwanang halaga 400 yen (Ang nagnanais na taong nakaseguro sa Kategoriya 1 ang magbabayad.)

■ Uri ng Pensyon *Halaga ng Pensyon sa Taong Piskal 2020 (Reiwa 2)

Pambatayang Pensyon para sa Katandaan	<p>Maaaring tumanggap kapag sumapit ng 65 taong gulang ang taong nakaseguro at 10 taon o higit pa ang panahon ng pagkakaseguro (panahon ng pagbabayad ng bayad para sa seguro at panahon ng pagpapalibre).</p> <p>[Taunang halaga] 781,700 yen (buong halaga kung nagbayad para sa 40 taon)</p>
Pambatayang Pensyon para sa Kapansanan	Kung nagkaroon ng kapansanang nasa itinakdang batayan dahil sa sakit o pinsalang unang na-diagnose habang kasapi sa Pambansang Pensyon, maaaring tumanggap ng pensyon ayon sa antas ng kapansanan ang taong nagbayad sa loob ng kailangang panahon ng bayad para sa seguro.

	[Taunang halaga] Antas 1: 977,125 yen, Antas 2: 781,700 yen (May dagdag kung may sinusuportahang anak)
Pambatayang Pensyon para sa Naulilang Pamilya	Kapag pumanaw ang taong nagbayad sa loob ng kailangang panahon ng bayad para sa seguro na kasapi sa Pambansang Pensyon, maaaring tumanggap ang naulilang pamilya (asawang may anak na sinusustentuhan ng taong pumanaw o anak). [Taunang halaga] 781,700 yen (May dagdag ayon sa bilang ng anak)
Benepisyo para lamang sa taong nakaseguro sa Kategoriya 1	Pensyon para sa Biyuda, Karagdagang Pensyon, Kabuuang Halaga sa Pagpanaw, Kabuuang Halaga sa Pag-alis

Maaaring tiyakin sa homepage ng Japan Pension Service ang tungkol sa balangkas ng sistema ng Pambansang Pensyon.

(Nakalathala ang pamphlet sa 15 wika.)

◆ Homepage ng Japan Pension Service “Balangkas ng Sistema ng Pambansang Pensyon”
<http://www.nenkin.go.jp/pamphlet/kokunenseido.html>

② Welfare Pension

■ Bayad para sa Seguro at Taunang Halaga

Sistema para madagdagan ang pambatayang pensyon na benepisyo ng Pambansang Pensyon ang mga sistema ng pensyon para sa mga empleyado tulad ng Welfare Pension, at pinagpapasyahan ang halaga ng bayad para sa seguro katapat ng kabayaran sa pagtatrabaho, at lumalaki ang halaga ng pensyon ayon sa kabayaran sa pagtatrabaho at panahon ng pagsapi.

■ Uri ng Pensyon

Welfare pension para sa katandaan, Welfare pension para sa kapansanan (Antas 1, Antas 2, Antas 3), Pataang halaga para sa kapansanan, Welfare pension para sa naulilang pamilya, Kabuuang halaga sa pag-alis

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng Pensyon

(2) Tulong sa Pamumuhay

Kung natigil ang suweldo dahil namatay, nasakit o naaksidente ang taong nagsusuporta ng pamumuhay ng tahanan at nahihirapan sa pamumuhay kahit nagsisikap upang makapamuhay sa sariling kakayahan, makakatanggap ng kailangang suporta ayon sa antas ng kahirapan.

Sakop sa pag-uukol ng tulong batay sa Batas hinggil sa Pamublikong Tulong ang mga dayuhang permanente o pangmatagalang naninirahan sa Japan, at pinahihintulutan ng gawaing katulad ng Hapones.

◇Uri ng tulong: Suporta sa pamumuhay, Suporta sa pabahay, Suporta sa edukasyon, Suporta sa pagpapagamot, Suporta sa nursing care, Suporta sa panganganak, Suporta sa hanapbuhay, Suporta sa pagpapalibing

Para sa mga katanungan	Welfare Office, Tanggapan ng lungsod, ward o bayan
------------------------	--

(3) Sistema ng Suporta para sa Kasarinlan ng Nahihirapan sa Pamumuhay

Pinagsisikapan ang pagsulong sa kasarinlan ng mga taong nahihirapan sa pamumuhay sa pamamagitan ng pagbigay ng kinakailangang impormasyon at pagpapayo bilang pagtugon sa mga konsultasyon ukol sa suporta sa pagtrabaho at iba pang mga problemang kaugnay sa pagiging independyente, pagbibigay ng benepisyo para sa pagtamo ng tirahan at iba pang kaugnay na suporta.

Uri ng Proyekto	Kailangang Proyekto	Proyekto ng Suporta at Konsultasyon ukol sa Kasarinlan, Benepisyo para sa Pagtamo ng Tirahan
	Maaaring Piliing Proyekto*	Proyekto ng Suporta sa Paghahanda para sa Pagpasok sa Trabaho, Proyekto ng Pansamantalang Suporta sa Pamumuhay, Proyekto ng Suporta upang mapabuti ang Pagtustos ng Kita at Gastos sa sambahayan, Proyekto ng Suporta para sa Pag-aaral at Pamumuhay ng Anak

*Maaaring hindi isinasagawa sa lungsod/bayan ang maaaring piliing proyekto.

Para sa mga katanungan	Bawat lungsod/bayan <Tanggapan ng Suporta at Konsultasyon ukol sa Kasarinlan ng Taong Nahihirapan sa Pamumuhay> *Isinasagawa sa ilalim ng pangangasiwa ng lungsod/bayang nagtatag ng Welfare Office o ng pribadong kumpanyang inatasan para rito
------------------------	---

(4) Seguro ng Nursing Care

① Ano ang sistema ng seguro ng nursing care?

Pamamaraan kung saan makakatanggap ng kailangang serbisyong medikal at pangkalusugan at welfare service upang makapagpatuloy sa araw-araw na pamumuhay nang nagsasarili ang taong gumagamit na nangangailangan ng nursing care sa pagtataguyod ng buong lipunan ng nursing care ang sistema ng seguro ng nursing care, at magagamit ito nang walang pagtatangi sa nasyonalidad.

② Taong sakop sa pagsapi

Taong kasapi sa segurong medikal na mula 40 taong gulang hanggang walang 65 taong gulang at taong 65 taong gulang pataas, kasama ang dayuhang legal na naninirahan nang lampas 3 buwan, at may address sa loob ng bansang Hapon ang taong sakop sa paggamit ng seguro ng nursing care.

Sakop din kahit 3 buwan pababa, kung taong pinahintulutang manirahan nang lampas 3 buwan mula sa layunin ng pagpasok sa bansa o kalagayan ng pamumuhay pagkatapos pumasok sa bansa.

① Mga katanungan

Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan tungkol sa pamamaraan ng seguro ng nursing care, palakad kapag gagamitin ang serbisyo, uri ng benepisyo (serbisyo) at iba pa.

◇◇ Buod ng Sistema ng Seguro ng Nursing Care ◇◇

■ Palakad sa Pagsapi → Pag-uulat

Hindi kailangan ang palakad para sa pagsapi, ngunit kailangang mag-ulat sa lungsod/bayan kapag sumapit ng 65 taong gulang.

■ Uri ng Kasapi sa Seguro at Halaga / Paraan ng Pagbayad ng Bayad para sa Seguro

A	<p>Taong nakaseguro sa Kategoriya 1 (Residente ng lungsod/bayan na 65 taong gulang pataas)</p> <p>Magkakaiba ang halaga ng bayad para sa seguro ayon sa tinitirahang lungsod/bayan at kita.</p> <p>Ibabawas mula sa pensyon ang takdang halaga ng halaga ng pensyon, at liban dito, babayaran nang bukod ang bayad para sa seguro.</p> <p>Kung atrasado sa pagbabayad ng bayad para sa seguro kahit wala namang bukod-tanging kadahilanan tulad ng sakuna at iba pa, maaaring sumailalim sa limitasyon kapag gagamitin ang serbisyo.</p>
B	<p>Taong nakaseguro sa Kategoriya 2 (Residente ng lungsod/bayan na kasapi sa segurong medikal at 40 taong gulang hanggang walang 65 taong gulang)</p> <p>Magkakaiba ang halaga ng bayad para sa seguro ayon sa sinasapiang segurong medikal. Sistemang nagdadagdagan ang bayad para sa seguro ng segurong medikal (seguro ng kalusugan, pambansang seguro ng kalusugan, atbp.), at ang bawat tagaseguro ng panggagamot ang nagbabayad ng pinagtipong bayad para sa seguro</p>
C	<p>Sertipiko ng seguro</p> <p>Sa patakaran, ipagkakaloob sa lahat ng taong 65 taong gulang pataas.</p> <p>Ipagkakaloob kapag kailangan para magamit ang serbisyo ng seguro ng nursing care kung 40 taong gulang hanggang walang 65 taong gulang.</p>

■ Taong Maaaring Gumamit ng Serbisyo

- Taong 65 taong gulang pataas na nangangailangan ng nursing care at suporta para sa pangaraw-araw na pamumuhay
- Taong 40 taong gulang hanggang walang 65 taong gulang na nangangailangan ng nursing care at suporta para sa pangaraw-araw na pamumuhay dahil sa itinalagang sakit

■ Palakad para sa Paggamit ng Serbisyo

Mag-apply para sa pagpapatibay ng nursing care level sa lungsod, ward o bayan upang makatanggap ng pagpapatibay kung nasa kalagayang nangangailangan ng nursing care at suporta para sa pangaraw-araw na pamumuhay, at tungkol sa kailangang level ng nursing care (nursing care level).

Kapag binigyan ng pagpapatibay, maaaring tanggapin ang benepisyo ukol sa ginamit na serbisyo mula sa araw ng pag-apply.

■ Upang Magamit ang Serbisyo

Para sa nakatanggap ng pagpapatibay ng nursing care level, magpagawa ng care plan (plano ng paggamit ng serbisyo ng nursing care batay sa mental at pisikal na kalagayan at pagnanais ng taong gagamit) sa kumpanya ng suporta para sa pambahay na nursing care (para hindi humantong sa nursing care) at maaaring gamitin ang kailangang serbisyo ng nursing care.

■ Uri ng Serbisyo

Uri	Pangunahing Uri ng Serbisyo	
Serbisyong Pambahay (Kasama ang serbisyo para hindi humantong sa nursing care para sa taong “Kailangan ng suporta”.)	Pagdalaw ng home helper	Pagsasagawa ng home helper ng tulong sa pamumuhay tulad ng pagpapaligo, pagpapadumi at iba pang pag-iintindi sa katawan, pagluluto, paglilinis at iba pa.
	Pagdalaw ng nurse	Pagsasagawa ng nurse ng pag-aalaga para sa pagpapagaling at tulong sa konsultasyong medikal.
	Pagpunta sa pasilidad	Pagpunta sa day sevice center kung saan nagsasagawa ng nursing care tulad ng pagpapaligo at pagkain, pagsasanay sa pagkilos at iba pa.
	Pagpasok sa panandaliang pasilidad para sa pamumuhay	Pagpasok sa panandaliang pasilidad kung saan nagsasagawa ng nursing care at pag-aasikaso sa pangaraw-araw na pamumuhay, dahil sa kaganapan sa pamilya o iba pa.
Serbisyong nakatuon sa komunidad (Kasama ang serbisyo para hindi humantong sa nursing care para sa taong “Kailangan ng suporta”.)	Small-scale na Maraming tungkuling pambahay na nursing care	Pagsasagawa ng nursing care tulad ng pagpapaligo at pag-aasikasong pangaraw-araw sa pamamagitan ng pagdalaw, pagpunta, pagtuloy o iba pa.
	Nursing care na sama-sama sa pamumuhay at tumutugon sa demensya	Pagsasagawa ng nursing care at pag-aasikasong pangaraw-araw sa tirahan kung saan namumuhay nang sama-sama ang maliit na bilang ng taong kailangan ng nursing care na may demensya.
Serbisyong Pampasilidad (Hindi maaaring gamitin ng taong “Kailangan ng suporta”.)	Pasilidad pang-welfare para sa nursing care ng matatanda	Sa patakaran, pagpapapasok sa taong kailangan ng nursing care level 3 o higit pa na mahirap ang nursing care sa bahay sa special nursing home kung saan magsasagawa ng nursing care at pag-aasikasong pangaraw-araw.
	Pasilidad pangkalusugan para sa nursing care ng matatanda	Pagsasagawa ng nursing care, pangangalaga, pangagamot, pagsasanay sa pagkilos at iba pa tungo sa pagbabalik sa bahay sa ilalim ng medikal na pangangasiwa.

■ Pasanin ng Taong Gagamit

Sa paggamit ng serbisyo ng seguro ng nursing care, papasanin ng taong gagamit ang 10% (20% o 30% para sa mga taong umabot sa takdang kita o higit pa) ng gastusin ayon sa kita na ibabayad sa kumpanya ng serbisyo.

Bukod dito, pasanin ng taong gagamit ang gastusin sa pagkain at gastusin sa pagtuloy kung gagamit ng serbisyo sa pasilidad.

Maaari namang isauli ang halaga kung labis na malaking halaga ang pasanin ng taong gagamit, o mabawasan para sa taong mababa ang kita, kaya’t mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan.

Subalit kung gagamit ng serbisyo sa bahay, may hangganang halaga sa maaaring gamiting serbisyo batay sa nursing care level.

(5) Serbisyo para sa mga Matatanda

① Serbisyo sa bahay

Mangyaring magtanong sa lungsod/bayan para sa mga detalye dahil magkakaiba ang nilalaman ng pagsasagawa ayon sa lungsod/bayan.

Uri ng Serbisyo	Nilalaman
Suporta sa pamumuhay	Serbisyo ng paghahatid ng pagkain na layunin ang pagpapabuti ng nutrisyon
Para hindi humantong sa nursing care	Pagtuturo para hindi humantong sa nursing care para mapigilan ang paglala ng kalagayan
Suporta sa nursing care ng pamilya	Pagdaraos ng pagtuturo sa nursing care, pagbabantay sa matandang may demensya, pagdaraos ng pagsasamahan ng mga caregiver atbp.

② Pasilidad

May mga pasilidad para sa taong mahirap ang pamumuhay sa bahay.

Uri ng Serbisyo	Tanggapan ng application	Nilalaman
Nursing home for the aged	Lungsod/bayan	65 taong gulang pataas na tumatanggap ng tulong sa pamumuhay, hindi pinatawan ng buwis ng paninirahan sa munisipyo batay sa kita, atbp.
Murang home for the aged	Pasilidad	60 taong gulang pataas at mahirap ang pamumuhay nang mag-isa, atbp.
House para sa pagsuporta sa pamumuhay	Lungsod/bayan Pasilidad	60 taong gulang pataas at mahirap ang pamumuhay nang mag-isa, atbp.
May-bayad na home for the aged	Pasilidad	Malayang pakikipagkasunduan/Sariling pasanin ang buong halaga, 60 taong gulang pataas, atbp.

③ Iba pang small-scale na pasilidad

May mga small-scale home for the aged sa pook na maliit ang populasyon, total care home, *anshin* living (matiwasay na pamumuhay), group home na sumusuporta para sa kasarinlan, small-scale na proyekto para sa pagsulong ng care sa pook at iba pa, na para sa suporta upang makapagpatuloy ng pamumuhay sa nakasanayang komunidad ang mga matatandang mag-isang nakatira na nahihirapan sa pamumuhay sa tahanan.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(6) Serbisyo para sa mga May Kapansanan

① Libreto ng taong may kapansanan

May sistema ng pagkakaloob ng libreto ayon sa klasipikasyon ng kapansanan upang makapagsagawa ng walang-patid na konsultasyon at pamamatnubay, at madaling makatanggap ng iba't ibang tulong ang taong may kapansanan.

Sa pagmamay-ari ng libreto, makakatanggap ng diskuwento sa pamasahé, pagbabawas sa buwis, welfare service tulad ng pagbabawas o pagpapalibre ng bayad sa pampublikong pasilidad at iba pa.

Uri ng Libreto	Para sa mga katanungan
Libreto ng taong may pisikal na kapansanan	Tanggapan ng lungsod, ward o bayan
Libreto ng rehabilitasyon	Child and Family Center, Tanggapan ng lungsod, ward o bayan
Libretong pangkalusugan at kapakanan ng taong may mental na kapansanan	Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

② Serbisyo para sa kapakanan ng may kapansanan

Alinsunod sa Batas hinggil sa Pangkalahatang Suporta sa Taong May Kapansanan, nagbibigay ng serbisyo sa balangkas para sa lahat nang walang kinalaman sa klasipikasyon ng kapansanan (pisikal na kapansanan/intelektuwal na kapansanan/mental na kapansanan, walang lunas na sakit atbp.) ang lungsod/bayan na nalalapit sa taong may kapansanan.

Sagot ng bansa, prefecture at lungsod/bayan ang gastusin sa serbisyo, at sa patakaran, papasanin ng taong gumamit ang bahagi nito ayon sa kita.

Uri ng Serbisyo	Nilalaman
Serbisyo ng pagdalaw / Pagpasok sa panandaliang pasilidad	Pagbibigay ng pambahay na welfare service tulad ng home help service, short stay at iba pa, upang makapamuhay nang matiwasay ang taong may kapansanan sa tinitirahan at nakasanayang komunidad
Serbisyo kaugnay sa gawain sa araw	Pagbibigay ng serbisyo kaugnay sa pangaraw-araw na pamumuhay at pagpasok sa trabaho
Serbisyo kaugnay sa tirahan	Pagbibigay ng serbisyo tulad ng group home, upang makatamo ng pabahay para makapamuhay nang matiwasay ang taong may kapansanan sa komunidad
Serbisyo para sa batang may kapansanan	Pagbibigay ng suporta sa pagpasok sa pang-welfare o medikal na pasilidad, at serbisyo ng pagsuporta sa pagpunta sa pasilidad na sumusuporta sa pag-unlad ng bata para sa mga batang may kapansanan
Serbisyo ng suporta sa pamumuhay sa komunidad	Iba't ibang proyekto para mapadali ang proyekto ng pagsasanay sa pakikibagay sa lipunan at panlipunang pamumuhay, ayon sa klasipikasyon ng kapansanan upang maisulong ang kasarinlan at pakikilahok sa lipunan ng taong may kapansanan

*Mangyaring magtanong sa lungsod/bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan, Welfare office

(7) Serbisyo para sa mga Bata

① Nursery school (day care center)

Maaaring pumasok sa nursery school ang mga sanggol mula 0 taong gulang hanggang sa pagpasok sa mababang paaralan, kung kailangan ng pag-aalaga sa kadahilanan tulad ng pagpasok sa trabaho ng magulang/tagapag-alaga o iba pang nag-aalaga sa sanggol.

Magkakaiba ang edad na maaaring pumasok, oras ng pag-aalaga at iba pa ayon sa nursery school. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye tulad ng paraan ng pag-apply para sa pagpasok at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

② Sentro para sa edukasyon at pag-aalaga sa maagang yugto ng pagkabata

Maaaring pumasok dito ang mga sanggol mula 0 taong gulang hanggang sa pagpasok sa mababang paaralan, nang walang kaugnayan sa kalagayan ng pagpasok sa trabaho ng magulang/tagapag-alaga.

Magkakaiba ang edad na maaaring pumasok, oras ng day care at iba pa ayon sa sentro para sa edukasyon at pag-aalaga sa maagang yugto ng pagkabata. Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye tulad ng paraan ng pag-apply para sa pagpasok at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

③ Samahan para sa mga bata pagkatapos ng labasan sa paaralan

Para sa mga batang pumapasok sa mababang paaralan na wala sa tahanan ang magulang/tagapag-alaga sa araw dahil sa pagpasok sa trabaho, ginagamit ang children's center o bakanteng silid-aralan ng paaralan pagkatapos ng aralin, nagbibigay ng angkop na lugar para sa paglalaro at pamumuhay, para sa maayos na pagpapalaki ng bata.

Mangyaring magtanong sa tanggapan ng lungsod, ward o bayan ng lugar ng tirahan para sa mga detalye tulad ng paraan ng pag-apply sa paggamit at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

(8) Serbisyo para sa mga Biktima ng Bomba Atomika

Isinasagawa ang sumusunod na suporta para sa biktima ng bomba atomikang nagmamay-ari ng libreong pangkalusugan ng biktima ng bomba atomika.

① Gastusing medikal

May sistema para sagutin ng pampublikong panggugol ang katumbas ng sariling pasanin kapag sumailalim ang biktima ng bomba atomika sa panggagamot sa institusyong medikal na itinalaga ng gobernador.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

② Pagbibigay ng pataan

May sistema ng pagbibigay sa biktima ng bomba atomika ng pataan para sa bomba atomika tulad ng pataan para sa pangangasiwa sa kalusugan at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan

③ Nursing home para sa biktima ng bomba atomika

Pasilidad ito para sa mga biktima ng bomba atomika sa loob ng Hiroshima prefecture na hindi makatanggap ng nursing care sa bahay.

Pook	Para sa mga katanungan
Taong hindi sa lungsod ng Hiroshima nakatira	Atomic Bomb Survivors Support Division ng Hiroshima Prefecture ☎082-513-3109
Taong sa lungsod ng Hiroshima nakatira	Tanggapan ng ward sa lugar ng address 082-513-3109

(9) Iba pang Serbisyo

Mangyaring magtanong sa Tanggapan ng lungsod, ward o bayan, Welfare office, Tanggapan ng kalusugan, kagalingan at kapaligiran, Health center at iba pa, tungkol sa iba pang welfare service para sa mga matatanda, welfare service para sa mga may kapansanan, at iba pa.

Para sa mga katanungan

Tanggapan ng lungsod, ward o bayan
 Welfare office
 Tanggapan ng Kalusugan, Kagalingan at Kapaligiran /
 Health center
 Institusyong pangkonsultasyon kaugnay sa Kalusugan /
 Panggagamot / Welfare